Ang pagkain ng taong nagsagawa ng Ihram sa nahuling hayop,-[sa pagkakataong] hindi balak na panghuhuli,at walang tumulong sa paghuli nito

Ayon kay Abū Qatādah Al-Anṣārīy, malugod si Allah sa kanya-((Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay lumabas ng Hajj [Umrah].Lumabas sila na kasama niya-lumihis ang isang lipon at kasama rito si Abū Qatādah-At nagsabi siya:Dumaan kayo sa baybaying dagat,hanggang sa magkasalubong tayo,Dumaan sila sa tabi ng dagat,at nang umalis sila,Nagsagawa silang lahat ng Ihram,maliban kay Abū Qatādah,dahil hindi nagsagawa ng Ihram,at habang sila ay nasa kaanilang paglalakbay,nakakita sila ng mga Asnong galaa,Hinuli ni Abū Qatādah ang mga Asno at kinatay niya ang mga babae [asno] rito,Namaahinga kami at kumain sa karne nito,Pagkatapos ay nasabi namin:Maaari ba tayong kumain sa karne ng [asno na hinuli] habang tayo ay nasa kalagayan ng Ihram? Dinala namin ang mga natitirang karne nito,Inabutan namin ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at tinanong namin siya tungkol dito?Nagsabi siya: Mayroon bang isa sa inyong nag-utos na huliin ito,o nagturo nito?Nagsabi sila: Wala: Nagsabi siya: [kung gayun] Kumain kayo sa natirang karne nito)) at ibang salaysay :((Mayroon bang isa sa inyo na nakapagdala nito?Nagsabi ako: Oo,Ibinigay ko sa kanya ang braso nito,at kumain siya nito))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Lumabas ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa taon ng Al-Hudaybiyyah-binalak niya rito ang [pagsasagawa] ng Umrah,At bago pa siya dumating sa Madinah,asa lugar na malapit rito ito ang "Zul-Hulayfah" naiparating sa kanya na ang mga kalaban ay nagsidatingan sa may baybay ng dagat ni ninanais niya.Kaya ipina-utos nito sa ilan sa mga kasamahan niya-kabilang na dito si Abu Qatadah-na dumaan sila sa bandang kanan,sa daan ng baybaying [dagat] upang maharangan nila ito.Dumaan sila rito,At nang umalis na sila upang salubungin ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa napagkasunduan nito,Nagsagawa sila ng Ihram, maliban kay Abu Qatadah,na hindi nagsagawa ng Ihram,at sa oras ng paglalakbay nila,nakakita sila ng mga Asnong gala,at pinangarap nila sa kanilang mga sarili na sana ay makita ito ni Abu Qatadah,sapagkat ito ay ipipahintulot,At nang makita niya ito,hinuli niya ito at kinatay niya rito ang mga babaing Asno,at kumain sila sa mga karne nito.Pagkatapos ay nagkaaroon sila ng pag-aalinlangaan sapagpapahintulot ng pagkain rito kapag sila ay nasa kalagayan ng Ihram,Dinala nila ang mga tira-tirang karne nito,hanggang sa nasalubong nila ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagtanong sila tungkol dito;at tinanong niya rin sila:Mayroon bang isa sa inyo na nag-utos rito,? o tumulong sa paturo rito,o kahit palatandaan lang?Nagsabi sila:Hindi nangyari ang mga bagay na ito;Napanatag ang mga puso nila na ito ay ipinapahintulot;at ipinag-utos niya sa kanila na kainin ang mga natira dito,at kumain din siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang maging maligaya ang mga puso nila.